

# KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo  
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## Leksyon ng pag-unawa pang-international sa wikang Tsino

**Tuwing Sabado sa Disyembre • 14:00-16:00(3beses) Leksyon at pagtalakay sa wikang tsino(walang interpreter)**

Araw	titser	tema
Ika-3 ng Disyembre	Mr. Zhan Dong Ink Painter, Titser ng wikang Tsino Taga-Shanghai	Mag-enjoy ng Ink Painting History at paraan ng panood May performance!
Ika-10 ng Disyembre	(Kasalukuyang inaayos)	Mag-enjoy ng kulturang Tsaa sa Tsina ~Him na tsaa at iba pa~May patikim ng tsaa!
Ika-17 ng Disyembre	He Wen Yuang Taga-Shanghai, Presidente ng Chugoku go Gakuin	Tignan ang lipunan ng Tsina sa 21 siglo sa pamamagitan ng bagong salita/Malaman ang Kasalukuyang kultura, lipunan, kasaysayan

Bayad : ¥800 / isang leksyon (magbayad sa araw ng leksyon) Saan : Kawasaki International Center

●Kapasidad : 40 katao / leksyon (first-come first-served basis) ●Sinong pwedeng sumali : Mga middle/high level na nag-aaral ng wikang Tsino(16 taong gulang at pataas)

●Aplikasyon : (telepono • FAX • E-mail sa International Center)

※Kung mag-aplay sa FAX • E-mail, mangyaring isulat ang

①Araw ②Pangalan ③Tirahan ④Numero ng telepono ⑤E-mail address

\*\*\*\*\*

**Magluto tayo ng Lutong pang-bagong taon! ~Leksyon para sa mga mamamayang dayuhan~**

**Mag-enjoy tayo ng kulturang pagkain sa bansang Hapon.**

**Ika-10 ng Disyembre(Sabado) 11:00~14:30**

Nilalaman○Magluto ng lutong pang-bagong taon(Ozouni • Nishime • Namasu at iba pa)

○ Patikim ng lutong pang-bagong taon at paliwanag nito

Titser ng leksyon nito Nozomi Murata Assistant Asami Ike

Bayad: ¥1,000 (Magbayad sa araw ng leksyon) Saan : Kawasaki International Center 2F Cooking room

●Kapasidad : 20 katao (mamamayang dayuhan) Paalagaan ng bata : (1~5taong gulang, Makipag-ugnay lamang) (first-come first served basis, Kung may bakante pa sa Disyembre pwedeng tumanggap ng aplikanteng hindi mamamayang dayuhan)

●Aplikasyon : Natatanggap na (sa Telepono • sa International Center) ~ hanggang Ika-6 ng Disyembre (Martes)

\*\*\*\*\*

## Sumali sa ika-18 Paligsahan ng pagtatalumpati ng wikang Hapon para sa mga dayuhan!!

Ang unwal na “Paligsahan ng Pagtatalumpati ng wikang Hapon” ay gaganapin muli! Ginaganap ang aplikasyon ng mga dayuhang nais sumali sa paligsahan. May exchange meeting para sa mga aplikante at bisita pagkatapos ng paligsahan.

**[Kailan]** Ika-18 ng Pebrero 2012 (Sabado) 13:00~15:30

**[Saan]** Kawasaki International Center, Hall (paligsahan) at reception room (exchange meeting)

**[Mga kwalipikasyon]** Mga dayuhang naninirahan sa bansang Hapon sa loob ng 5 taon, hindi wikang

Hapon ang mother tongue, at angkop sa sumusunod na kondisyon.

① Mga dayuhang estudyanteng nag-aaral sa unibersidad o paaralan bokasyonal sa Kawasaki City

② Mga dayuhang nag-aaral ng wikang Hapon sa mga Shiminkan atbp sa Kawasaki City

③ Mga dayuhang nagtatrabaho o nagsasanay (trainee) sa kumpanya o opisina sa Kawasaki City

Para sa mga aplikanteng ① at ③, kinakailangan ang rekomendasyon ng kanilang paaralan

※Para sa mga detalye mangyaring makipag-ugnayan sa Kawasaki International Association.



☆ 'Point-and-speak' Bokabularyong Pang-medikal2 ☆

- ① Nalulungkot(lonely)
- ② Nananangis(sad)
- ③ Naiinis
- ④ Nalulumbay
- ⑤ Hindi masyadong maipahayag sa wikang Hapon
- ⑥ Inaapi/ niloloko
- ⑦ Hindi makatulog
- ⑧ Hindi maipako ang isip sa mga bagay
- ⑨ Walang ganang mabuhay
- ⑩ Walang ganang mag-trabaho
- ⑪ Na-hohome-sick
- ⑫ Nababalisa
- ⑬ Napapanaginipan ang nangyaring kalamidad
- ⑭ Nahihirapang makipag-usap sa mga tao sa paligid o pamilya
- ⑮ Walang taong pwedeng hingan ng payo
- ⑯ Iba pa

- ① 寂しい ② 悲しい
- ③ イライラする
- ④ 落ち込んでいる
- ⑤ 日本語がうまく出てこない
- ⑥ いじめられている
- ⑦ 眠れない
- ⑧ 物事に集中できない
- ⑨ 生きる気持ちにならない
- ⑩ 働く気持ちにならない
- ⑪ ホームシック
- ⑫ 不安でたまらない
- ⑬ 災害にあったときのことを夢にみる
- ⑭ 家族や周りの人とのコミュニケーションがうまく出来ない
- ⑮ 相談できる人がいない
- ⑯ その他

- ① Samishii ② Kanashii
- ③ Iraira suru
- ④ Ochikonde iru
- ⑤ Nihonggo ga umaku detekonai
- ⑥ Ijimerarete iru
- ⑦ Nemurenai
- ⑧ Monogoto ni shuuchuu dekinai
- ⑨ Ikiru kimochi ni naranai
- ⑩ Hataraku kimochi ni naranai
- ⑪ Ho-mu shikku
- ⑫ Fuan de tamaranai
- ⑬ Saigai ni atta toki no koto wo yume ni miru
- ⑭ Kazoku ya mawari no hito to no komyunikeshon ga umaku dekinai
- ⑮ Soudan dekiru hito ga inai
- ⑯ Sono ta

[Sanggunian]AMDA Sentro ng Internasyona IMedikal Impormasyon Tel. 03-5285-8088 <http://amda-imic.com/>  
Site na puwedeng i-download ang multilinguwal na medical questionnaire <http://www.k-i-a.or.jp/medical/>

「Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center」 (Libre)

•Oras (10:00~12:00 13:00~16:00) Telepono 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portuges	Martes•Biyernes
Koryano	Martes•Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles•Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles



•Kawasaki Ward office Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan

•Aasao Ward office Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Huwebes	14:00~16:30
Intsik	Una at ikatlong Martes	14:00~16:30
Tagalog	Una at ikatlong Martes	9:30~12:00

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at ikatlong Huwebes	9:30~12:00
Intsik	Una at ikatlong Martes	9:30~12:00
Tagalog	Una at ikatlong Miyerkoles	14:00~16:30

\*Libreng konsultasyon sa Gyousei Syoshi (Wikang Hapon) Saan: International center 2nd floor conference room

•Araw at Oras: Ika-18 ng Disiyembre, Ika-15 ng Enero Linggo 14:00-16:00 Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter, may bayad.

\*\*\*\*\*

“Impormasyon tungkol sa araw na sarado ang Kawasaki International Center sa pagtatapos ng taon at bagong taon”

•Mula 2011.12.29(Huwebes) hanggang 2012.1.3 (Martes) sarado ang Kawasaki International center. (Bukas ang Hotel at ang restaurant ay bukas para lamang sa mga panauhin sa hotel)

•Magbubukas muli mula sa Ika-4 ng Enero (Miyerkoles). Maligayang bagong taon sa inyong lahat.



Magsisimula ang bagong sistema ng "residence management"

**【Point 1】 Bibigyan ng 'Residence Card'**

Ang 'Residence Card' ay ibibigay sa mga dayuhang pinayagang manatili dito ng mid-to-long term sa ilalim ng immigration act, kapag sila ay nagkaroon ng pahintulot tungkol sa paninirahan tulad ng 'landing permission', 'pahintulot sa pagbabago ng visa', at 'pahintulot sa pagbabago ng panahon ng paninirahan' etc.

(Harapan ng Kard)

(Likuran ng Kard)

住居地記載欄		
届出年月日	住居地	記載者印
資格外活動許可欄	在留期間更新等許可申請欄	

(Babala) Ang mga larawan sa itaas ay hindi pa na-finalized at maaaring babaguhin ang itsura ng kard sa oras ng implementasyon ng sistemang ito.

**【Point 2】 Ang maximum na panahon ng paninirahan ay magiging 5 taon.**

Para sa mga kasalukuyang visa na may maximum na tagal ng '3 taon' ay magiging '5 taon' ang maximum na panahon ng paninirahan.

Halimbawa, para sa mga taong naninirahan dito sa pamamagitan ng 'spouse of a Japanese national' visa, ang kasalukuyang panahon ng paninirahan ay '1 taon' o '3 taon'. Idadagdag dito ang '5 taon' pagka nag-umpisa ang bagong sistema ng residence management.

**【Point 3】 Magkakaroon ng 'sistemang espesyal na re-entry permission'.**

Hindi na kailangang mag-aplay sa pahintulot ng re-entry, kung labas-pasok sa bansang ito sa loob ng 1 taon at mayroong balidong visa.

※Kapag lumabas sa bansa sa pamamagitan ng 'sistemang ispesyal na re-entry permission', hindi pwedeng magpa-extend ng panahon nito mula sa ibang bansa. Tandaan na kung hindi makabalik sa bansa sa loob ng isang taon, mapapawalang-bisa ang visa.

(babala) Kapag kulang sa isang taon ang visa paglabas ng bansa, mangyaring bumalik sa bansa bago ito magpaso o ma-invalid.

Kung mag-aplay ng re-entry permission na kagaya ng kasalukuyan, ang balidong panahon ng re-entry permission ay magiging '5 taon' mula sa '3 taon'.

**【Point 4】 Mawawala ang sistemang 'Alien Registration'**

Mawawala ang sistemang 'Alien Registration' dahil sa pagkakaroon ng bagong sistemang 'residence management'.

Dahil sa pagbabago nito, babaguhin din ang mga paraan ng pagbibigay ng notification.

Kapag mayroong pagbabago sa tirahan o lumipat ng tirahan mangyaring ipagbigay-alam sa tanggapan ng pamahalaan o munisipyo. Ang pagbabago ng pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, at nasyonalidad o rehiyon, mangyaring ipagbigay-alam sa lokal na immigration bureau.

Samantala, kung may balidong mid-to-long stay visa, mangyaring panatilihin muna ang iyong alien card hanggang nagkaroon kayo ng bagong 'residence card' kahit na nagsimula na ang bagong sistema.

**【 Para sa mga katanugan】 Immigration Information Center (araw ng simple 8:30 ~ 17:15)**

TEL 0570-013904 (IP phone・PHS・Oversea call 03-5796-7112)

Immigration Bureau of Japan <http://www.immi-moj.go.jp/newimmia>



## Tungkol sa pangungolekta ng basura sa katapusan ng taon at bagong taon

### paunawa sa mga araw ng kolekta!

■ Pangungolekta ng ordinaryong basura sa taong 2011 :

Matatapos sa Ika-30 ng Disyembre (Biyernes) para sa mga lugar na pang-Lunes, Miyerkoles at Biyernes.

Matatapos sa Ika-31 ng Disyembre (Sabado) para sa mga lugar na pang-Martes, Huwebes, at Sabado.

■ Pangungolekta ng recyclable na basura sa taong 2011 : Matatapos sa Ika-29 ng Disyembre (Huwebes)

■ Pangungolekta ng karaniwang basura sa taong 2011 :

Mag-uumpisa sa Ika-4 ng Enero (Miyerkoles) para sa mga lugar na pang-Lunes, Miyerkoles at Biyernes.

Mag-uumpisa sa Ika-5 ng Enero (Martes) para sa mga lugar na pang-Martes, Huwebes at Sabado.

■ Pangungolekta ng recyclable na basura sa taong 2011 : Mag-uumpisa sa Ika-6 ng Enero (Biyernes).

※ *Ang koleksyon ng mga malalaking basura ay inaaplayan bago ito itapon*

• **Map-apply sa Sodai Gomi Uketsuke Center sa pamamagitan ng telepono**

→ Maaaring mag-apply hanggang sa Ika-30 ng Disyembre (Biyernes). Muling mag-uumpisa mula sa Ika-4 ng Enero (Miyerkoles).

• Sodai Gomi Uketsuke Center **【Telepono】** 044-930-5300 **【Oras】** mula 8:00 hanggang 16:30

• **Mag-apply mula sa homepage ng Kawasaki city sa pamamagitan ng internet**

→ 24 oras sa buong araw ng taon

Makakakuha ng guidebook na nagpapaliwanag tungkol sa ‘*pagtatapon ng basura at paghihiwalay ng bagay na puwedeng i-recycle*’ sa mga ward office, International center, at iba pa. Inilathala ito sa mga wikang hapon na madaling basahin, Ingles, Chinese, Korean, Tagalog, Portuges, at Spanish kaya tunghayan ito.

---

## Tungkol sa mga Holiday Emergency Clinics sa katapusan ng taon at bagong taon

Sa biglaang pagkakasakit, pagkakaroon ng lagnat, para sa unang hakbang ng pagpapagamot sa araw ng pahinga at pistang opisyal, maaaring magpakita sa mga Holiday Emergency Clinics. Kabilang sa mga uri ng pagamutan ang NAIKA (internal) at SHOUNIKA (pediatrics). Ang mga araw ng check-up ay tuwing Linggo, pistang opisyal at ika-30 ng Disyembre (Biyernes) hanggang ika-4 ng Enero (Miyerkoles) 2011 nitong bagong taon.

Ang check-up ay simula alas 9 hanggang alas 11:30 ng umaga, 13:00 hanggang 16:00 ng hapon.

### 【Telepono sa mga Holiday Emergency Clinics】

Kawasaki Holiday Emergency Clinic	044-211-6555
Saiwai Holiday Emergency Clinic	044-555-0885
Nakahara Holiday Emergency Clinic	044-722-7870
Takatsu Holiday Emergency Clinic	044-811-9300
Miyamae Holiday Emergency Clinic	044-853-2133
Tama Holiday Emergency Clinic	044-933-1120
Hokubu Pediatrics Emergency Center	044-933-1120
Asao Holiday Emergency Clinic	044-966-2133



● Ang oras ng tanggapan ay maaaring magbago ng walang abiso kaya't mangyaring tumawag muna bago pumunta sa nais puntahang klinika.

---

## Tungkol sa mga serbisyo ng city hall at ward office sa katapusan ng taon at bagong taon.

Ang karaniwang serbisyo ng city hall at mga ward office ay matatapos sa Ika-28 ng Disyembre 2011 (Miyerkoles) at mag-uumpisa muli sa Ika-4 ng Enero 2012 (Miyerkoles)

Gayundin ang mga Administrative Service Terminals na nasa ward office, branch office, communication office, Gyosei service corner.

